

## Checklist ng Supply para sa Emergency

Kapag may pag-ulan ng abo, maaaring maantala ang delivery ng mga kalakal at maging mahirap ang pagkuha ng supply para sa araw-araw na pamumuhay. Para makapagpatuloy sa pamumuhay sa tahanan, kailangang palaging magpanatili ng sapat na stock ng supply para sa emergency.

Mangyaring mag-imbak ng mga isang linggong supply upang maging handa para sa posibilidad ng matagalang pananatili sa tahanan.

Sa kaso ng penomenong may kasamang pagputok ng bulkan at may panganib sa buhay ng tao na halos walang palugit sa oras para lumikas (malalaking batong binubuga, daloy ng tephra, daloy ng tunaw na niyebeng uri ng putik ng bulkan atbp.), kailangan ang paunang paglikas batay sa mga babala sa pagputok ng bulkan at plano ng paglikas.

### Checklist para makapagpatuloy sa pamumuhay sa iyong tahanan (Pareho sa ibang mga sakuna)



#### Pagkain, maininom na tubig

- Tubig
- Pagkain (kanin (hal. alpha rice), retort pouch food, biskwit, tsokolate, hardtack na biskwit atbp.)



#### Mga gamit para sa personal na kalinisan

- Mga gamit sa banyo
- Sipilyo, toothpaste
- Portable toilet
- Toilet paper
- Mga lampin, sanitary napkin atbp.
- Mask



#### Iba pang supply para sa emergency

- Flashlight (madaling gamitin ang manwal na nare-recharge)
- Portable radio (madaling gamitin ang manwal na nare-recharge)
- Ekstrang baterya, portable charger
- Posporo, lighter, kandila



#### Mga gamot

- Band-aid
- Bandage
- Solusyong pandisimpekta
- Mga regular na gamot

### Checklist para sa paglikas



#### Mga damit at valuables

- Mga tuwalya (ilang piraso)
- Kumot
- Damit na pampalit
- Unan na para sa emergency
- Valuables (ID, cash, bankbook)

### Checklist ng mga item na partikular para sa pagtanggap ng abo (Mga item para sa pagtanggap ng abo)



#### Kagamitan para sa pagharap sa pag-ulan ng abo

- Dust-proof mask
- Safety goggles
- Pala
- Cotton na guwantes
- Dust-proof cover (para sa outdoor unit ng aircon)

**i** Para sa mga katanungan, makipag-ugnayan sa:




内閣府  
Cabinet Office

Direktor ng Research and Strategic Planning, Director General para sa Disaster Management, Cabinet Office

18F Akasaka Green Cross, 2-4-6 Akasaka, Minato City, Tokyo 107-0052

Tel.: 03-5253-2111 (main) FAX : 03-3501-6820

Website ng Cabinet Office: <https://www.bousai.go.jp/kazan/index.html>



気象庁  
Japan Meteorological Agency

Volcanic Observation Division, Seismology and Volcanology Department, Japan Meteorological Agency (JMA)


3-6-9 Toranomom, Minato City, Tokyo 105-8431

Tel.: 03-6758-3900 (main)

JMA website: <https://www.jma.go.jp/>

# Paghahanda para sa Abo ng Bulkan

Iba't ibang penomeno na maaaring maging sanhi ng sakuna ang maaaring mangyari kapag pumutok ang bulkan. Kabilang dito ang mga penomeno na may napipintong panganib sa buhay ng tao sa area sa paligid ng bulkan, tulad ng malalaking batong binubuga at daloy ng tephra, pati na rin ang mga penomenong makakaapekto sa lawak na umaabot sa lugar na malayo sa bulkan na hindi kaagad magdudulot ng kapahamakan sa buhay ng tao, tulad ng abo ng bulkan. Walang nakakaalam kung kailan mangyayari ang malaking pagputok ng bulkan. "#Gawing bahagi ng araw-araw na buhay ang paghahanda sa sakuna," at maghanda para sa abo ng bulkan, na maaaring makaapekto sa malawak na lugar.



Pagputok ng Mt. Hokkaido-Komagatake noong 1929 (litrato mula sa Mt. Hokkaido-Komagatake Volcanic Disaster Prevention Council)

# Mga Epekto Batay sa Dami ng Abo

**Higit sa 30 cm na dami ng abo**

[Mga gusali]  
Kapag umuulan at may higit sa 30 cm na abo, maaaring magiba ang gusaling yari sa kahoy dahil sa bigat ng abo.

**Higit sa 3 cm na dami ng abo**

[Mga kalsada]  
Hindi makakadaan ang mga sasakyang dalawa ang gulong kung higit sa 3 cm kapag umuulan, o higit sa 10 cm kapag hindi umuulan.  
[Mga kalakal]  
Kung mahadlangan ang trapiko, magiging mahirap ang paghahatid ng mga kalakal at pagkuha ng supply para sa araw-araw na pamumuhay.

**Mahihirapang dumaan sa kalsada at pag-supply ng mga kalakal**

**Epekto sa mga lifeline**  
Masususpende ang serbisyo ng mga tren, sasakyang panghimpapawid atbp.

**Kaunting dami ng abo**

[Mga tren]  
Magdudulot ang kaunting dami ng abo ng pagkasuspende ng serbisyo ng mga tren sa ibabaw ng lupa.  
[Mga sasakyang panghimpapawid]  
Sa himpapawid kung saan may abo ng bulkan, kailangang gumawa ang mga sasakyang panghimpapawid ng hakbang tulad ng paglilinis sa ibang ruta atbp.  
[Kuryente]  
Kapag umulan nang 3 cm o higit pa, maaaring mawalan ng kuryente dahil sa pagbaba ng kakayahang mag-insula ng insulator (kasangkapang sumusuporta sa mga kable ng kuryente atbp.).

# Impormasyon ng Forecast sa Abo ng Bulkan

Nagbibigay ng forecast tungkol sa dami ng abo at lawak ng pag-ulan ng maliliit na batong binubuga na dinala ng hangin. Inilalabas ang tatlong uri ng impormasyon: bago pumutok, kaagad pagkaputok, at pagkatapos pumutok ng bulkan. Inilalabas ang mga ito bilang Forecast sa Pag-ulan ng Abo (Naka-schedule), Forecast ng Pag-ulan ng Abo (Pauna), at Forecast sa Pag-ulan ng Abo (Detalyado). Ipinapahiwatig ang dami ng abo sa tatlong antas, marami, katamtaman, at kaunti, ayon sa kapal ng abo.

\*Sa hinaharap, balak ng JMA na i-upgrade ang impormasyon ng forecast sa pag-ulan ng abo na naaangkop sa bawat stage.

**Forecast sa Pag-ulan ng Abo (Naka-schedule)**

**Forecast ng Pag-ulan ng Abo (Pauna)**

**Forecast sa Pag-ulan ng Abo (Detalyado)**

Legend:

- Red circle: Napakaraming ulan ng abo ng bulkan
- Yellow circle: Marami-raming ulan ng abo ng bulkan
- Orange circle: Kaunting ulan ng abo ng bulkan
- Blue circle: Area ng pag-ulan ng abo ng bulkan
- Blue line: Makapal na linya
- Red line: Mga munisipalidad kung saan ipinapalagay na uulan ng abo
- Red dot: Lapilli

Maaaring ma-access ang ganitong impormasyon sa pag-iwas sa sakuna sa website ng JMA.

[https://www.jma.go.jp/jma/kishou/now/kazan/qvaf/qvaf\\_guide.html](https://www.jma.go.jp/jma/kishou/now/kazan/qvaf/qvaf_guide.html)



# Mga Kondisyon ng Pinsala ayon sa Stage

Hinati sa apat na stage ang iba't ibang kondisyon ng pinsalang maaaring mangyari batay sa dami ng abo ng bulkan. Ang mga stage na ito ay ginagamit upang isaayos ang pananaw, dapat pag-ingatan atbp. tungkol sa pagtugon dito.

	Stage 1	Stage 2	Stage 3	Stage 4
<b>Dami ng abo</b>	Kaunti, hanggang 3 cm	3cm~30cm Maliit na pinsala	3cm~30cm Malaking pinsala	▲ Higit sa 30 cm Lawak kung saan ipinapalagay ang pagdaloy ng debris
<b>Pagkagiba ng gusali</b>	-	Posibilidad ng pagkawasak ng gusaling malaki ang span*1		Panganib ng pagkagiba ng gusaling yari sa kahoy (Kapag umuulan)
<b>Transportasyon, pagpunta sa ibang lugar, pag-supply ng mga kalakal, mga lifeline</b>	Masususpende ang serbisyo ng mga tren, sasakyang panghimpapawid atbp. Sagabal sa pag-supply ng mga kalakal	Kahirapan sa pagdaan sa kalsada at pag-supply ng mga kalakal*2, Maliit na epekto sa mga lifeline	▲ Kahirapan sa pagdaan sa kalsada at pag-supply ng mga kalakal, Malaking epekto sa mga lifeline (Matatagalan)	
<b>Pangunahing aksyon*3</b>	Pagpapatuloy ng araw-araw na pamumuhay	Pagpapatuloy ng araw-araw na pamumuhay (Pumunta sa ibang lugar, ayon sa mga pangyayari)	▲ Sa patakaran, lumikas na pamumuhay (Pumunta sa ibang lugar, ayon sa mga pangyayari)	▲ Sa patakaran, lumikas Lumikas sa gusali kaagad pagkaputok ng bulkan
<b>Mga taong kailangan ng outpatient o long-term care services*4</b>	Pagpapatuloy ng araw-araw na pamumuhay	Pagpapatuloy ng araw-araw na pamumuhay (Pumunta sa ibang lugar, ayon sa mga pangyayari)	▲ Sa patakaran, lumikas	

\*1: Mga gusali tulad ng gym na may malaking espasyo sa pagitan ng mga haligi, o malaking harapan.  
\*2: Kondisyon kung saan pansamantalang mahihirapan sa supply, ngunit makapagpatuloy sa araw-araw na pamumuhay sa pamamagitan ng pagtugon sa emergency.  
\*3: Karaniwang dapat manatili sa loob ng sariling tahanan kung mapanganib ang pagkilos sa labas dahil mababa ang bisibilidad habang umuulan ng abo. Upang maiwasan mapinsala ang kalusugan, pinakamabuti ang mga hakbang tulad ng pagsusuo ng goggles at mask kapag may gagawin sa labas. Mag-ingat lalo na ang mga taong may karamdaman sa paghinga o iba pang matagalang sakit.  
\*4: Ipinagpapalagay ang mga taong hindi makapagpatuloy ng araw-araw na pamumuhay sa sariling pagsisikap o sa pagdadamayon at may napipintong panganib sa buhay dahil nabawasan ang aktibidad sa lipunan dulot ng pag-ulan ng abo. (Hal. pasyenteng nagda-dialysis sa ospital, taong kailangan ng long-term care atbp.) Ang mga taong nangangailangan ng pagsasaalang-alang na makapagpatuloy ng araw-araw na pamumuhay sa sarili nilang tahanan atbp. ay maaaring kumilos tulad ng mga karaniwang residente.

# Maghanda para sa Abo ng Bulkan

Ang pangunahing pagtugon ay ang manatili sa loob ng area ng pag-ulan ng abo kung maaari, at magpatuloy ng araw-araw na pamumuhay sa sariling tahanan atbp.

Subalit maaaring ipalagay ang mga kaso\* kung saan may direktang panganib sa buhay ng tao ayon sa sitwasyon, at dapat gawin ang mga aksyon tulad ng paglikas sa ganitong kaso. \*Mga gusaling yari sa kahoy kapag 30 cm o higit pa ang dami ng abo, area kung saan may panganib ng pagdaloy ng debris, mga taong nangangailangan ng pagsasaalang-alang na hindi makapagpatuloy ng araw-araw na pamumuhay sa sariling pagsisikap o sa pagdadamayon at direktang manganganib ang buhay, atbp.

## Paghahanda sa karaniwang panahon

- Kapag may pag-ulan ng abo, maaaring maantala ang delivery ng mga kalakal at maging mahirap ang pagkuha ng supply para sa araw-araw na pamumuhay. Para makapagpatuloy sa pamumuhay sa tahanan, kailangang palaging magpanatili ng sapat na stock ng supply para sa emergency.

## Mga hakbang na dapat gawin kaagad bago umulan ng abo

- Isara ang mga pintuan at bintana (Harangan ang mga puwang at butas ng bentilasyon gamit ang basang tuwalya o tape).
- Takpan ang mga de-kuryenteng kagamitan na madaling masira.
- Tanggalin ang nakakabit na alulod at tubo ng tubig mula sa paagusan.
- Dapat manatili sa loob ng bahay at umiwas sa di-kailangang pagkalantad sa abo ng bulkan ang mga taong may karamdaman sa paghinga tulad ng chronic bronchitis o hika.
- Ideal ang umuwi sa tahanan bago magsimulang umulan ng abo.

## Kapag hindi maiwasang lumabas o magtrabaho sa labas / Mga bawal gawin

- Palaging magsuot ng mask. (Kapag lalabas nang matagal, magsuot ng matibay na dust-proof mask.)
- Huwag magsuot ng contact lens. Sa halip magsuot ng goggles o salamin.
- Huwag kumilos nang nagmamadali kapag aakyat sa bubong para tanggalin ang abo. Simulan lamang ang trabaho pagkatapos makumpirmang ligtas ang bubong para tayuan ng tao.
- Mag-ingat dahil ang ibabaw ng hagdan o bubong ay magiging lubhang madulas kapag may abo ng bulkan.
- Magsuot ng safety harness at helmet, at magtrabaho sa team na may dalawang tao o higit pa.
- Dahil madaling makabara sa alulod at imburnal ang abo ng bulkan, huwag hayaang dumaloy ito.
- Kapag naglilinis, basain ng tubig ang abo ng bulkan upang hindi ito mapaikot pataas, at kolektahin ito sa supot.
- Huwag ibabad ang abo ng bulkan sa tubig. (Titigas ito at magiging mahirap linisin.)

## Mga hakbang na dapat gawin habang umuulan ng abo

- Huwag lumabas para sa hindi mahalaga, at hindi apurahang dahilan.
- Habang nasa labas, takpan ang ilong at bibig ng mask o panyo.
- Magtipon ng impormasyon gamit ang radyo atbp.
- Iwasan ang pagmamaneho ng kotse habang mababa ang bisibilidad. (Kung talagang kailangang magmaneho, buksan ang headlights at magmaneho nang mabagal.)
- Huwag magsuot ng contact lens sa labas. Kung pumasok ang abo ng bulkan sa mata, huwag kuskusin ang mata gamit ang kamay. Buhusan ito ng tubig at padaluyin.